

## **COVID-19 at ang kalusugan at kaligtasan sa trabaho – Pagtatayo at konstruksiyon**

Sa ilalim ng modelong mga batas sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho, ang mga tagapag-empleyo ay may tungkuling pangangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa at iba pang mga tao na nasa lugar ng trabaho. Bilang isang tagapag-empleyo, dapat mong tukuyin ang mga panganib sa lugar ng trabaho, at hangga't maaari ay tanggalin o bawasan ang mga panganib na ito.

Dapat kang makipagkonsulta sa mga manggagawa tungkol sa mga isyung pangkalusugan at pangkaligtasan na may kinalaman sa COVID-19. Dapat mong pahintulutan ang mga manggagawa na ipahayag ang kanilang mga pananaw bago ka gumawa ng mga desisyon.

### **Pisikal na pagdistansiya**

Dapat mong gawin ang lahat ng iyong makakaya upang panatilihin ang hindi bababa sa 1.5 metro na distansiya ng mga manggagawa sa isa't isa, halimbawa.

- limitahan ang pisikal na pakikihalubilo - makipag-usap gamit ang ibang mga paraan, gaya ng telepono o radyo
- bawasan ang bilang ng mga manggagawa sa lugar ng trabaho (site)
- hatiin ang mga shift sa pang-umaga at pang-hapon
- bawasan ang bilang ng mga gawaing kukumpletuhin sa bawat araw
- pahintulutan ang pagtatrabaho mula sa bahay, hangga't maaari
- lumikha ng mga daanan (walkways) sa buong lugar ng trabaho upang mapanatili ang pisikal na distansiya
- bawasan ang bilang ng mga manggagawa na nasa isang lugar sa isang pagkakataon, kabilang ang mga oras ng kainan at pagpapahinga, at paglayuin ang mga kasangkapan sa mga kuwartong-pahingahan
- magpulong sa online hangga't maaari, ngunit kung hindi ito posible, ganapin ito sa mga bukas na lugar at panatilihin may distansyang 1.5 na metro sa pagitan ng mga manggagawa
- ipagpaliban ang pagsasanay na hindi kailangang-kailangan
- maglagay ng mga karatula tungkol sa pisikal na pagdistansiya sa paligid ng lugar ng trabaho

Kailangan mong pamahalaan ang anumang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan (hal. mga epekto sa komunikasyon) na mangyayari bilang resulta ng pisikal na pagdistansiya.

### **Mga pagsusuri sa kalusugan at kwarantena**

I-monitor ang mga manggagawa para sa mga sintomas ng COVID-19, gaya ng lagnat.

Atasan ang lahat ng manggagawa, nasa lugar man sila ng trabaho o wala, na sabihin sa iyo kung sila ay:

- mayroong anumang mga sintomas
- nalantad sa isang tao na maaaring may COVID-19 (kahit na ang tao na pinaghihinalaang may COVID-19 ay hindi pa nasuri)
- nakipagkita sa isang katrabaho na may mga sintomas

Patigilin sa pagtatrabaho ang mga manggagawa kung sila ay nagpapakita ng mga sintomas.

## **Paglilinis**

Maglinis nang madalas gamit ang sabon (detergent) o pang-disimpekta:

- mga madalas hipuing ibabaw ng mga bagay – mga kagamitan, mga elebeytor, mga pang-angat (hoists), mga hawakan ng kamay at mga pintuan
- mga pansariling gamit gaya ng mga salamin sa mata at mga telepono
- mga pantrabahong bagay gaya ng mga gamit (tools)
- mga amenidad sa lugar ng trabaho

Sanayin ang mga manggagawa na linisin kaagad ang mga kagamitan matapos gamitin.

Ang sinumang maglilinis ay dapat:

- magsuot ng guwantes
- gumamit ng hand sanitiser na batay sa alkohol bago at matapos magsuot ng guwantes.

Magkaroon ng may-takip na mga basurahan kung saan maitatapon ng mga manggagawa ang mga dumi at basura, gaya ng mga ginamit na tisyu.

## **Kalinisan**

Dapat ipag-utos sa mga manggagawa na ugaliin ang wastong kalinisan:

- takpan ang pag-ubo at pagbahing gamit ang braso o tisyu
- itapon ang mga tisyu sa tamang lugar
- madalas hugasan ang mga kamay gamit ang sabon at tubig nang 20 segundo man lamang, at tuyuin nang husto ang mga ito, kabilang ang bago kumain at matapos kumain, at matapos gumamit ng kubeta
- gumamit ng mga hand sanitiser na batay sa alkohol
- maghugas ng katawan, buhok (pati mga balbas at bigote) at labhan nang mabuti ang mga damit araw-araw
- magpanatili ng mahigit sa 1.5 metrong distansiya mula sa ibang tao
- manatili sa bahay kung may sakit
- iwasang hipuin ang kanilang mukha
- iwasang makipag-kamay at iba pang malapitang pisikal na pakikihalubilo
- pigilin ang pagdura
- ilagay ang mga upos ng sigarilyo sa basurahan

Ang iyong mga pasilidad sa paghuhugas ng mga kamay (washroom) ay dapat malinis at may sabon, tubig at toilet paper. Maglagay ng mga hand sanitiser na may alkohol para magamit ng mga manggagawa.

## **Ang mga pagdeliber at iba pang mga kontratista na pumupunta sa lugar ng trabaho**

Kung ang mga pagbisita sa lugar ng trabaho ay kailangan:



- magbigay ng malinaw na mga tagubilin tungkol sa iyong mga kahingian (requirements) habang sila ay nasa lugar ng trabaho
- bawasan ang bilang ng kasangkot na mga manggagawa
- magkaroon ng mga hand sanitiser na batay sa alkohol para magamit matapos hawakan ang mga naideliber
- atasan ang mga bumibisitang drayber ng trak na manatili sa loob ng kanilang sasakyan
- gumamit, o hilingan ang iba na gumamit ng elektronikong mga dokumento at magkaroon ng alternatibo sa paglagda

### **Karagdagang impormasyon**

- Para sa impormasyon tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho, pumunta sa [website ng Safe Work Australia](#)